Republic of the Philippines
Province of Cavite
Municipality of General Trias

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE SANGGUNIANG BAYAN OF GENERAL TRIAS, CAVITE ON THE 21ST DAY OF SEPTEMBER, 1995 AT THE SESSION HALL OF THE MUNICIPAL BUILDING.

PRESENT:

Hon. Francisco B. Grepo . . . . . Municipal Vice Mayor/ Presiding Officer
Hon. Ruben M. Parani. . . . . . . SB Member/Maj. Floor Leader
Hon. Luis A. Ferrer IV. . . . . . SB Member/Assistant Majority Floor Leader
Hon. Arturo P. Tacos. . . . . . . SB Member/Min. Floor Leader
Hon. Felix A. Grepo . . . . . . . SB Member
Hon. Abelardo S. Parani . . . . . SB Member
Hon. Danilo D. Alcaraz. . . . . . SB Member
Hon. Bienvenido M. Custodio . . . SB Member
Hon. Rogelio M. Culanding . . . . SB Member/ABC President
Hon. Ariel M. Mugol . . . . . . . SB Member/SK President

ABSENT:

Hon. Rodolfo P. Satsatin. . . . . SB Member

RESOLUTION NO. 66-95

A RESOLUTION ESTABLISHING LOT 2586, LOT 2586-A, LOT 2586-B, LOT2587-B-1, LOT 2587-B-2, LOT 2587-A, LOT 2580, LOT 3163, LOT 3162, LOT 2584, LOT 2592 AND LOT 2582 AS WITHIN THE LOW DENSITY RESIDENTIAL AREAS AND RECLASSIFYING ITS LAND USE TO A MEDIUM DENSITY RESIDENTIAL SUBDIVISION AREAS.

WHEREAS, said properties are within the existing low density built-up areas to the fact that there are more than hundred of families permanently living in the area and agriculture is their major source of income;

WHEREAS, said residents experience hardship in the transport of their agricultural inputs to market and commuting students and workers to their school and place of work brought by inadequate infrastructure support like concrete roads and bridges;

WHEREAS, these residents belong to Sitio Kanutuhan of Barangay San Francisco which is 2.60 kilometers from the developed and accessible Sitio Kiko Rosa also of Barangay San Francisco, General Trias, Cavite;

WHEREAS, improvement of its access road is more using the nearby fully developed Barangay Sabang of Dasmariñas, Cavite which is only 400 meters away;

WHEREAS, Metro Asia Resources Corporation is interested in improving the existing conditions of Sitio Kanutuhan by constructing a concrete bridges and developing the area into a medium density residential area;

WHEREAS, the proposed development will not completely alter the essential character of the nearby areas and will not adversely affect the public and also is in the general pattern of development in the area.

ABELARDO S. PARANI
ARIEL M. MUGOL
FELIX A. GREPO
ROGELIO M. CULANDING
ARTURO P. TACOS
BIENVENIDO M. CUSTODIO
LUIS A. FERRER IV
DANILO D. ALCARAZ
RUBEN M. PARANI

WHEREAS, the NIA has certified that the affected area are outside of Cavite Communal Irrigation System and not covered by Administrative Order No. 20 which prohibit the conversion/reclassification of irrigable agricultural areas into non-agricultural purposes;

WHEREAS, the proposed development is more advantegeous to the residents of the barangay and the municipality in general as this will boost more economic progress in the area through the encouragement of private investors participating in on-site housing development;

WHEREAS, HLRB has certified that the proposed project appears to be within the low density built-up areas.

WHEREFORE, on motion of Kag. Felix A. Grepo and duly seconded by all members present, this Body

BE IT RESOLVED, as it is hereby resolved, to reclassify Lot Nos. 2586, 2586-A, 2586-B, 2587-B-1, 2587-B-2, 2587-A, 2580, 3163, 3162, 2584, 2592, and 2582 located at San Francisco, General T ias, Cavite from low density residential areas to medium density residential subdivision areas with a total land area of 432,573 square meters.

UNANIMOUSLY ADOPTED.

## KAPASIYAHAN BLG. 67-95

SAPAGKA'T, ang ating bansa ay nahaharap sa krisis ng bigas na siyang pangunahing pangangailangan sa araw-araw;

SAPAGKA'T, ang mahinang pag-ani ng palay ang siyang naging sanhi ng pagtaas ng halaga ng bigas;

SAPAGKA'T, ang pagtaas ng halaga ng bigas ay hindi makayanan ng mga ordinaryong mamamayan;

SAPAGKA'T, ang Bigasang Bayan na nakatalaga sa ating bayan ay hindi sapat upang matugunan ang pangangailangan ng mamamayan ng 33 barangay.

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Bienvenido M. Custodio na pinangalawahan ni Kag. Luis A. Ferrer, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na hilingin sa National Food Authority na magkaroon ng isang Mobile Bigasang Bayan ang Heneral Trias upang ang mga malalayong barangay ay makabili ng bigas sa murang halaga.

PAGTIBAYIN PA RIN, na bigyan karapatan si Kagawad Felix A. Grepo, Tagapangulo ng Lupon sa Negosyo at Kalakal na siyang mangasiwa sa "Mobile B gasang Bayan".

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

ABELARDO S. PARANI
ARIEL M. MUGOL
FELIX A. GREPO
ROGELIO M. CULANDING
ARTURO P. TACOS
BIENVENIDO M. CUSTODIO
LUIS A. FERRER IV
DANILO D. ALCARAZ
RUBEN M. PARANI

## KAPASIYAHAN BLG. 68-95

SAPAGKA'T, ang mga alpas at naglipanang mga hayop tulad ng kambing, kalabaw, baka at iba pang uri nito ay nakakapinsala sa mga pananim na pinagkukunan ng ikinabubuhay ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T, ito ay nakakaapekto sa kalusugan ng bawat tao gayon din sa kalinisan ng kapaligiran ng bayan;

SAPAGKA'T, ang isa sa mga nagiging dahilan ng aksidente sa lansangan ay ang biglang pagtawid ng mga hayop.

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Rogelio M. Culanding na pinangalawahan ng lahat, na

> PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang isang kautusan na nagbabawal at nagpapataw ng kaparusahan sa sinumang tao na magpaligaw o magpa-alpas ng mga alagang hayop tulad ng baka, kalabaw, kambing at iba pang uri nito sa mga bukirin na may masisitang pananim at lansangan na nasasakupan ng bayan ng Heneral Trias at ito ay makikilala na KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 4-95 at mababasa tulad ng sumusunod:

## KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 4-95

ISANG KAUTUSAN NA NAGBABAWAL AT NAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA SINO MANG TAO NA MAGPALIGAW O MAGPA-ALPAS NG MGA ALAGANG HAYOP TULAD NG BAKA, KALABAW, KAMBING AT IBA PANG URI NITO SA MGA BUKIRIN NA MAY MASISIRANG PANANIM AT LANSANGAN NA NASASAKUPAN NG BAYAN NG HENERAL TRIAS.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Heneral Trias, Kabite, na

Pangkat 1. - Mahigpit na ipinagbabawal sa sinumang tao na magpaligaw at magpa-alpas ng mga alagang hayop tulad ng kalabaw, baka, kambing at iba pang uri nito sa mga bukirin na may masisirang pananim at lansangan na nasasakupan ng bayan ng Heneral Trias.

Pangkat 2. - Ang sinumang tao na nagmamay-ari ng mga ligaw o alpas na hayop na mahuling lumabag sa kautusang ito ay parurusahan ng pagkabilanggo ng isang (1) araw at magdamag (24 na oras) o multa na halagang ₱300.00 o dili kaya'y magkasamang bilanggo at multa sang-ayon sa pasiya ng husgado.

Pangkat 3. - Ang kautusang ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw matapos na mapagtibay.

PINAGTIBAY, Setyembre 21, 1995.

FRANCISCO B. GREPO
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINATUTUNAYAN:

EUGENIA G. SAN JOSE
Kalihim

PINAGTIBAY:

DENCITO P. CAMPAÑA
Punong Bayan

ABELARDO S. PARANI
ARIEL M. MUGOL
FELIX A. GREPO
ROGELIO M. CULANDING
ARTURO P. TACOS
BIENVENIDO M. CUSTODIO
LUIS A. FERRER
RUBEN M. PARANI
DANILO D. ALCARAZ